



SESYON 1

BERDE

**PARA
SA BUHAY**

"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Juan 3:16

**TRUEWAY
KIDS.COM**

Sesyon 1 - Ang Buhay na Walang Hanggan (Berde)

Layunin: Sa pagtatapos ng sesyon na ito, mauunawaan ng iyong anak na ang kulay berde ay sumisimbolo sa buhay na walang hanggan, na iniaalok sa atin ni Hesus. Matutuhan nila na habang ipinagdiriwang natin ang kapanganakan ni Hesus tuwing Pasko, Siya ay walang hanggan—nariyan Siya mula pa sa simula at palaging makakasama natin, dala dala ang kaloob na buhay na walang hanggan para sa atin.

Pambungad na Talakayan: Simulan sa pagtatanong sa iyong anak, "Ano ang naiisip mo kapag nakikita mo ang kulay berde?" Hayaan silang ibahagi ang kanilang mga iniisip—marahil iniisip nila ang mga puno, damo, o iba pang halaman. Ipaliwanag na ang berde ay isang kulay na madalas nating nakikita tuwing Pasko dahil ito ay kumakatawan sa buhay at pag-asa. Ngayon, matutuhan natin kung paano ipinapaalala sa atin ng kulay berde ang buhay na walang hanggan na ibinibigay sa atin ni Hesus at kung bakit ito ay napakahalagang bahagi ng ating pagdiriwang ng Pasko.

Pangunahing Punto:

Si Hesus ay Walang Hanggan: Ipaliwanag na ang Pasko ay isang panahon kung kailan inaalala natin ang kapanganakan ni Hesus bilang isang sanggol sa Bethlehem, ngunit mahalagang maunawaan na si Hesus ay hindi nagsimulang mabuhay noong Siya ay isinilang. Siya ay palaging nariyan—Siya ay walang hanggan. Tinatawag Siya ng Bibliya na Alpha at Omega, ang simula at ang wakas. Ipaulit sa mga bata ang alpabeto, mabagal at mabilis. Ipaliwanag na ang Alpha at ang Omega ay ang una at huling mga titik ng alpabetong Griyego (ang wika ng Bagong Tipan). Ipinapakita nito sa atin na si Hesus ay naroon sa paglikha ng mundo, at Siya ay makakasama natin magpakailanman. Ito ang dahilan kung bakit mabibigyan Niya tayo ng buhay na walang hanggan.

Pagsiyasat ng Berde: Kung maaari, maglakad-lakad sa labas upang maghanap ng mga berdeng puno, asebo, o iba pang berdeng halaman. Kung mas madali, maaari mong gamitin ang mga dekorasyong pang Pasko bilang mga halimbawa. Habang tinitingnan ninyo ang mga berdeng bagay na ito, ipaliwanag na ang ilang mga halaman ay nananatiling berde sa buong taon, kahit na sa malalamig na mga buwan ng taglamig kung kailan maraming iba pang mga halaman ang namamatay. Ito ang dahilan kung bakit ang mga tao ay gumamit ng mga kulay berde para sa mga dekorasyon ng Pasko sa daan-daang taon upang ipaalala sa kanila ang buhay na nagpapatuloy. Tulad ng mga berdeng halaman na ito na nananatiling buhay, binibigyan tayo ni Hesus ng buhay na walang hanggan.

Gayunpaman, mahalagang tandaan na kahit na ang bawat berdeng puno ay mamamatay sa kalaunan, tulad ng lahat ng nabubuhay na bagay sa mundo. Ngunit iba ang buhay na ipinagkaloob sa atin ni Hesus—ito ay walang hanggan. Dahil si Hesus ay walang hanggan, kapag tayo ay naniniwala sa Kanya, maaari tayong mabuhay magpakailanman kasama ng Diyos, kahit na matapos ang ating buhay sa lupa. Ito ang kamangha-manghang pangako ng buhay na walang hanggan.

Ang Pangako ng Diyos na isang Tagapagligtas: Basahin ang Isaias 9:6. Ipaliwanag sa iyong anak na maraming taon bago isinilang si Hesus, nangako ang Diyos na magpapadala ng isang espesyal na tao, isang Tagapagligtas, na magdadala ng buhay na walang hanggan. Maaari mo ring basahin ang ilang iba pang mga propesiya sa Lumang Tipan na may kaugnayan sa kapanganakan ni Hesus. Ang mga pangakong ito ay laging buhay, hindi kumukupas. At nang ipanganak si Hesus, tinupad Niya ang pangakong iyon. Laging tutuparin ng Diyos ang Kanyang mga pangako. Hindi Niya nalilimutan ang mga ito o hindi kayang panatilihin ang mga ito.

Upang matulungan ang iyong anak na maunawaan kung gaano kaespesyal ang pangakong ito, tanungin sila, "Nakapaghintay ka na ba ng mahabang panahon para sa isang napaka espesyal na regalo?" Talakayin kung gaano kasabik at kagalakan ang kanilang nadama nang sa wakas ay natanggap nila ito. Sa parehong paraan, ang mga tao ay naghihintay para sa regalo ni Hesus, na magdadala sa kanila ng buhay na walang katapusan.

Buhay na Walang Hanggan sa Pamamagitan ni Hesus: Sunod, basahin nang magkasama ang Juan 3:16. Ipaliwanag na si Hesus ay naparito upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Kapag naniniwala tayo kay Hesus, tatanggap tayo ng buhay na walang hanggan, ito ay nangangahulugang mabubuhay tayo kasama ng Diyos magpakailanman, kahit na matapos ang ating panahon sa lupa. Ito ang isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit natin ipinagdiriwang ang Pasko dahil dumating si Hesus upang dalhin sa atin ang hindi kapani-paniwalang regalong ito ng buhay na walang hanggan.

Lumalago kay Kristo: Ang mga evergreen na halaman ay nananatiling berde at patuloy na lumalaki sa buong taon, kahit na sa pinakamahirap na kondisyon. Ito ay nagpapaalala sa atin na kapag tayo ay nagtitiwala kay Hesus, tayo rin ay lumalago sa Kanya, anuman ang mga pagsubok na ating kinakaharap. Minsang sinabi ni Hesus, "Ako ang puno ng ubas; kayo ang mga sanga. Kung kayo ay mananatili sa akin at ako sa inyo, kayo ay magbubunga ng marami" (Juan 15:5). Lumalago tayo sa Kanya sa pamamagitan ng pananatiling konektado kay Hesus sa pamamagitan ng panalangin, pagbabasa ng Bibliya, at pagsasabuhay ng Kanyang mga turo. Tulad ng evergreen, maaari tayong patuloy na lumakas at sumigla sa ating pananampalataya, na nagtatanghal ng "bunga" ng pag-ibig, kabaitan, at pagpapasensya kapag nananatili tayong malapit kay Hesus at nagtitiwala sa Kanya.

Aplikasyon: Tulungan ang iyong anak na maunawaan kung paano nila maaalala ang buhay na walang hanggan na iniaalok ni Hesus sa tuwing makakakita sila ng kulay berde sa panahon ng Pasko. Hikayatin silang mag isip kung paano sila lalago sa kanilang pananampalataya, tulad ng paglaki ng mga berdeng halaman, sa pamamagitan ng pagtitiwala kay Hesus at pamumuhay sa paraang nagpapakita ng Kanyang pagmamahal.





Nagpatuloy si Hesus sa pagtuturo tungkol sa kaharian ng Diyos at sa buhay na walang hanggan na iniaalok Niya sa lahat ng naniniwala sa Kanya. Sinabi Niya, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at ang buhay. Ang sumasampalataya sa akin ay mabubuhay, kahit na siya ay mamatay; at ang sinumang nabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman."

Si Hesus ay namuhay ng isang perpektong buhay, namatay sa krus upang alisin ang ating mga kasalanan, at pagkatapos ay bumangon mula sa kamatayan, tinalo ang kamatayan magpakailanman. Ngayon, dahil kay Hesus, maaari tayong magkaroon ng walang hanggang relasyon sa Diyos. Kapag naniniwala tayo kay Hesus at sumunod sa Kanya, natatanggap natin ang regalong buhay na walang hanggan, matatamasa ang kawalang-hanggan kasama ng Diyos sa isang lugar kung saan wala nang sakit o kalungkutan, tanging kagalakan at kapayapaan.



BUHAY NA WALANG HANGGAN

Sa simula pa lamang, nilikha ng Diyos ang mundo at lahat ng naririto.

Nilikha Niya ang mga unang tao, sina Adan at Eba, at inilagay sila sa isang magandang hardin na puno ng mga berdeng halaman at puno na puspos ng buhay. Perpekto ang lahat, at nagkaroon sila ng malapit na kaugnayan sa Diyos.

Ngunit isang araw, sinuway nina Adan at Eba ang Diyos sa pamamagitan ng pagkain mula sa puno na sinabi Niya sa kanila na huwag kainin. Ang pagsuway na ito ay nagdala ng kasalanan sa mundo, at kasama ng kasalanan ang kamatayan at pagkahiwalay sa Diyos.

Ngunit kahit noon pa man, nangako ang Diyos. Sinabi Niya sa kanila na balang araw, magpapadala Siya ng isang Tagapagligtas na tatalunin ang kasalanan at kamatayan at magbabalik ng buhay sa mundo.



© 2024 truewaykids.com

Lumipas ang maraming taon, at ang mga tao ay patuloy na nakipaglaban sa kasalanan at pagkahiwalay sa Diyos. Ngunit hindi kinalimutan ng Diyos ang Kanyang pangako.

Nagpadala Siya ng mga propeta upang paalalahanan ang Kanyang mga tao na darating ang isang Tagapagligtas, Siya na magdadala ng buhay na binhing itinanim sa lupa, unti-unting tumutubo at naghihintay ng tamang panahon upang sumibol.

Pinanghawakan ng mga tao ang pangakong ito, nagitiwala sila na ang salita ng Diyos ay magkakatotoo, kahit na ang lahat ng bagay sa kanilang paligid ay tila madilim at walang pag-asa. Ang pangako ng isang Tagapagligtas ay laging buhay, anuman ang panahon.



Sa wakas, dumating ang panahon para matupad ang pangako ng Diyos. Sa maliit na bayan ng Bethlehem, isang sanggol ang isinilang kina Maria at Jose. Ang sanggol na ito ay si Hesus, ang ipinangakong Tagapagligtas, ang nag iisang magdadala ng buhay na walang hanggan sa mundo.

Sa paglaki ni Hesus, nagsimula Siyang magturo sa mga tao tungkol sa pag-ibig ng Diyos at sa Kanyang plano para sa kaligtasan. Isang gabi, isang lalaking nanggagalang Nicodemus, na isang guro ng batas, ay lumapit kay Hesus na may mga tanong. Sinabi sa kanya ni Hesus, "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Sa pamamagitan ni Hesus, ang Diyos ay nag-aalay ng kaloob na buhay na walang hanggan sa lahat ng maniniwala sa Kanya.



Nagpatuloy si Hesus sa pagtuturo tungkol sa kaharian ng Diyos at sa buhay na walang hanggan na iniaalok Niya sa lahat ng naniniwala sa Kanya. Sinabi Niya, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at ang buhay. Ang sumasampalataya sa akin ay mabubuhay, kahit na siya ay mamatay; at ang sinumang nabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman."

Si Hesus ay namuhay ng isang perpektong buhay, namatay sa krus upang alisin ang ating mga kasalanan, at pagkatapos ay bumangon mula sa kamatayan, tinalo ang kamatayan magpakailanman. Ngayon, dahil kay Hesus, maaari tayong magkaroon ng walang hanggang relasyon sa Diyos. Kapag naniniwala tayo kay Hesus at sumunod sa Kanya, natatanggap natin ang regalong buhay na walang hanggan, matatamasa ang kawalang-hanggan kasama ng Diyos sa isang lugar kung saan wala nang sakit o kalungkutan, tanging kagalakan at kapayapaan.



BUHAY NA WALANG HANGGAN

Sa simula pa lamang, nilikha ng Diyos ang mundo at lahat ng naririto.

Nilikha Niya ang mga unang tao, sina Adan at Eba, at inilagay sila sa isang magandang hardin na puno ng mga berdeng halaman at puno na puspos ng buhay. Perpekto ang lahat, at nagkaroon sila ng malapit na kaugnayan sa Diyos.

Ngunit isang araw, sinuway nina Adan at Eba ang Diyos sa pamamagitan ng pagkain mula sa puno na sinabi Niya sa kanila na huwag kainin. Ang pagsuway na ito ay nagdala ng kasalanan sa mundo, at kasama ng kasalanan ang kamatayan at pagkahiwalay sa Diyos.

Ngunit kahit noon pa man, nangako ang Diyos. Sinabi Niya sa kanila na balang araw, magpapadala Siya ng isang Tagapagligtas na tatalunin ang kasalanan at kamatayan at magbabalik ng buhay sa mundo.



Lumipas ang maraming taon, at ang mga tao ay patuloy na nakipaglaban sa kasalanan at pagkahiwalay sa Diyos. Ngunit hindi kinalimutan ng Diyos ang Kanyang pangako.

Nagpadala Siya ng mga propeta upang paalalahanan ang Kanyang mga tao na darating ang isang Tagapagligtas, Siya na magdadala ng buhay na walang hanggan. Ang pangakong ito ay parang isang binhing itinanim sa lupa, unti-unting tumutubo at naghihintay ng tamang panahon upang sumibol.

Pinanghawakan ng mga tao ang pangakong ito, nagitiwala sila na ang salita ng Diyos ay magkakatotoo, kahit na ang lahat ng bagay sa kanilang paligid ay tila madilim at walang pag-asa. Ang pangako ng isang Tagapagligtas ay laging buhay, anuman ang panahon.



Sa wakas, dumating ang panahon para matupad ang pangako ng Diyos. Sa maliit na bayan ng Bethlehem, isang sanggol ang isinilang kina Maria at Jose. Ang sanggol na ito ay si Hesus, ang ipinangakong Tagapagligtas, ang nag-iisang magdadala ng buhay na walang hanggan sa mundo.

Sa paglaki ni Hesus, nagsimula Siyang magturo sa mga tao tungkol sa pag-ibig ng Diyos at sa Kanyang plano para sa kaligtasan. Isang gabi, isang lalaking nanggagalang Nicodemus, na isang guro ng batas, ay lumapit kay Hesus na may mga tanong. Sinabi sa kanya ni Hesus, "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Sa pamamagitan ni Hesus, ang Diyos ay nag-aalay ng kaloob na buhay na walang hanggan sa lahat ng maniniwala sa Kanya.

PANGGRUPONG LARO

MAPANLINLANG NA MGA ILAW NG TRAPIKO

Layunin: Upang magdagdag ng elemento ng hamon sa tradisyunal na larong "Red Light, Green Light", na makatutulong sa mga bata na magsanay ng mga kasanayan sa pagpokus at pakikinig, habang ikinokonekta ang kulay berde sa buhay at paglago.

Mga Materyales na Kailangan:

Isang malaking open space para sa pagtakbo

Berde, pula, at dilaw na papel o mga ilaw (isa sa bawat isa)

Mga Tagubilin:

1. Papilahin ang mga bata sa isang dulo ng play area.
2. Ang lider ay tatayo sa kabilang dulo at hahawakan ang alinman sa berde, pula, o dilaw na papel.
3. Kapag itinaas ng lider ang berdeng papel, dapat tumakbo ang mga bata patungo sa lider, ngunit narito ang twist: kung minsan ang pinuno ay magsasabi ng "Tumigil ka!" habang hawak ang berdeng papel.
4. Kung itinaas ng lider ang pulang papel, dapat na huminto ang mga bata, ngunit maaaring sabihin ng lider na "Go!" upang subukang linlangin sila.
5. Kung itinaas ng lider ang dilaw na papel, ang mga bata ay dapat maglakad nang dahan-dahan, ngunit maaaring sabihin ng lider na "Tumakbo!" para linlangin sila.
6. Kapag nasunod ng bata ang pasalitang utos ng lider sa halip na ang visual cue, dapat silang bumalik sa panimulang linya.
7. Ang unang batang makaabot sa pinuno ang siyang mananalo sa laro.

Pagnilayan: Pagkatapos ng laro, talakayin kung paano kinakatawan ng berdeng ilaw ang buhay at paglago, tulad ng kung paano tayo maaaring lumago at magkaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagsunod kay Hesus.

PAGHAHANAP NG MGA BERDENG BAGAY

Layunin: Upang maging masaya sa paghahanap ng mga berdeng bagay habang iniisip ang tema ng buhay at paglago na kinakatawan ng berde.

Mga Materyales na Kailangan:

Isang listahan ng mga berdeng bagay na hahanapin ng mga bata (hal., isang dahon, isang berdeng laruan, isang bagay na berde mula sa kalikasan)

Isang basket o bag para sa bawat bata upang kolektahin ang mga bagay na kanilang mahahanap

Mga Tagubilin:

1. Hatiin ang mga bata sa maliliit na pangkat o hayaan silang maglaro ng paisa-isa.
2. Bigyan ang bawat koponan o bata ng listahan ng mga berdeng bagay na hahanapin.
3. Magtakda ng limitasyon sa oras (hal., 10 minuto) para sa paghahanap.
4. Ang mga bata ay maghahanap ng mga bagay sa listahan na kaya nilang hanapin sa loob ng takdang oras.
5. Ang koponan o bata na nakahanap ng pinakamaraming bagay ang mananalo sa laro.

Pagnilayan: Pagkatapos ng scavenger hunt, tipunin ang mga bata at pag-usapan kung paano kumakatawan sa buhay at paglago ang mga berdeng bagay na nakita nila. Talakayin kung paano, tulad ng mga bagay na ito, ang ating kaugnayan kay Hesus ay tumutulong sa atin na lumago at nagbibigay sa atin ng buhay na walang hanggan.



BIBLE MEMORY VERSE


Susing Talata sa Bibliya: Juan 3:16

Memory Verse: "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Gawain: "Dahon ng Buhay" Memory Verse

1. Gumupit ng mga hugis ng dahon mula sa berdeng construction paper.
2. Isulat ang mga bahagi ng Juan 3:16 sa bawat dahon. (Kung mas kaunti ang mga salita sa bawat dahon, mas may hamon ito)
3. Hatiin ang mga bata sa mga pangkat.
4. Paghaluin ang mga dahon at ilagay ito sa isang mesa o sahig sa isang dulo ng silid.
5. Ang bawat bata ay maghahalinhinan sa pagkuha ng isang dahon at ibabalik ito sa kanilang pangkat.
6. Ang mga pangkat ay magtutulungan upang ayusin ang mga dahon sa tamang pagkakasunod-sunod upang mabuo ang taludtod.
7. Kapag naayos nang tama ang taludtod, idikit ang mga dahon sa isang papel na puno sa dingding o bulletin board.
8. Ang unang koponan na makatapos ay mananalò.





MEMORY VERSE CARDS



"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Juan 3:16



"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Juan 3:16



"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Juan 3:16



"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Juan 3:16



"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Juan 3:16



"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Juan 3:16



"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Juan 3:16



"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Juan 3:16

Punan ng mga nawawalang salita
Sapagkat gayon na lamang
ang _____ ng Diyos
sa _____
kaya't ibinigay niya ang kanyang
kaisa-isang _____,
upang ang _____
sumampalataya sa _____
ay hindi mapahamak
kundi magkaroon ng buhay
na _____.


pag-ibig - sanlibutan - anak
sinumang - kanya - walang hanggan




Maghanap ng 7 pagkakaiba



Kulayan ayon sa numero



Ikonekta ang mga tuldok at kulayan



Koronang gawa sa Platong Papel Kraft



Ano ang kailangan mo:

Platong papel

Berdeng construction paper (iba't ibang kulay ng berde)

Papel para sa mga dekorasyon


Gunting

Pandikit

Mga marker o krayola

Printout ng mga talata sa Bibliya o sulat-kamay (Juan 3:16)

Ano ang gagawin:



Gumupit ng mga hugis ng berdeng dahon at mga dekorasyon (bola, candy cane) at idikit ang mga ito sa palibot ng papel na plato.



Idikit ang mga dekorasyon sa mga dahon.



Idikit ang memory verse, Juan 3:16, sa gitna ng plato.

(Opsyonal: magdagdag ng laso upang isabit)





**"SAPAGKAT GAYON NA
LAMANG ANG PAG-IBIG NG
DIYOS SA SANLIBUTAN
KAYA'T IBINIGAY NIYA ANG
KANYANG KAISA-ISANG
ANAK, UPANG ANG
SINUMANG
SUMAMPALATAYA SA KANYA
AY HINDI MAPAHAMAK,
KUNDI MAGKAROON NG
BUHAY NA WALANG
HANGGAN."**

JUAN 3:16

**"SAPAGKAT GAYON NA
LAMANG ANG PAG-IBIG NG
DIYOS SA SANLIBUTAN
KAYA'T IBINIGAY NIYA ANG
KANYANG KAISA-ISANG
ANAK, UPANG ANG
SINUMANG
SUMAMPALATAYA SA KANYA
AY HINDI MAPAHAMAK,
KUNDI MAGKAROON NG
BUHAY NA WALANG
HANGGAN."**

JUAN 3:16

Paikot na Christmas Tree Verse



Ano ang kailangan mo:

Paikot na Christmas tree template

Mga kagamitan sa pangkulay

Gunting

Pandikit

Mga piraso ng dekorasyon (template sa nakaraang craft.)

Sinulid o tali

Ano ang gagawin:



Kulayan ang template ng paikot na puno at mga dekorasyon.




Gupitin ang spiral sa mga linya at mga piraso ng dekorasyon.




Idikit ang bituin sa tuktok ng spiral at ikabit ang mga dekorasyon sa paligid nito.

Magtali ng sinulid sa tuktok ng spiral tree, at handa na itong isabit!






Bible Verse na Puno



Ano ang kailangan mo:

Pahina ng template
Kagamitang Pangkulay
Gunting
Pandikit

Ano ang gagawin:



Kulayan ang pahina ng template.



Gupitin ang mga bahagi.



Idikit ang mga piraso ng memory verse sa puno.

Paghiwalayin ang mga piraso ng memory verse.



Juan 17:3

Ngayon ito

ay buhay na walang

hanggan, na makilala ka


nila, ang tanging tunay na Diyos,

at si Jesu-cristo, na iyong sinugo.









ORAS NG PAGSAMBA

Magrekomenda ng mga kanta sa pagsamba. Hindi ginawa ng Trueway Kids. Ang mga Video sa YouTube na gagamitin ay para sa personal na paggamit lamang.

Buhay na Walang Hanggan - Truewaykids

<https://youtu.be/X0x3YkJCCv0>

For God So Loved the World - John 3:16

https://youtu.be/OTMQ6_ekpHc

The Colours of Christmas song

<https://youtu.be/BaA6f-YLOLA>



ORAS NG PANALANGIN



Mahal na Diyos,

Salamat sa Iyong pangako ng buhay na walang hanggan. Salamat sa pagpapadala kay Hesus, na noon pa man at kailanman, upang dalhin sa amin ang buhay na ito.

Tulungan Mo kaming alalahanin ang Iyong pag-ibig at ang Iyong mga pangako ay hindi nabibigo.

Sa ngalan ni Hesus, Amen.

SUSUNOD NA SESYON

Pula - Pag-ibig

Kung hindi mo pa nagagawa, mag-sign up para makatanggap ng aralin sa hinaharap sa pamamagitan ng email.

truewaykids.com/subscribe/



